
101

DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY

# Handa Ka Na Ba Sa Kalamidad?



**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project (ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

# Bayani: Magiting sa Likod ng Kalayaan




DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY

**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project (ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

# Bayani: Magiging sa Likod ng Kalayaan

**Karapatang-Ari 1998**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG NONFORMAL**
**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports**


Ang modyul na ito ay pag-aari ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ang organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

**Inilathala sa Pilipinas ng:**

Kawanihan ng Edukasyong Nonformal
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
3/F Mabini Bldg., DECS Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.: (02) 635 - 5189 Fax No.: (02) 635 - 5191



Sino pa, eh, di ang idolo kong si Apolinario Mabini?
Tama!
5


Sige, sige panghuli. Tinawag siyang Utak ng Katipunan, sa murang edad ipinagtanggol ang bayan.
Tama!
Teka... parang si Emilio Jacinto. Tama ba ako?
6


Di ba sentenaryo na ng kalayaan sa susunod na Linggo? Eh, di ba bida na naman ang mga bayani?
Tingnan ko nga kung magaling ka sa bugtungan tungkol sa mga bayani natin!
Ow, ako pa! Sino, ito? Isda ko sa Mactan di nahuli ni Magellan.
1
Eh, di si Lapu-lapu. Sino naman ito? Kabiyak ni Ka Diego, Heneralang totoo.
Sino pa, eh, di si Gabriela.
2
Sino ang doktor kong taga-Calamba na sa Luneta namahinga?
Sino?
Eh, di si Dr. Jose Rizal. He-he-he! Ang pinakamadali pa ang hindi mo nakuha!
3
Sige na nga! O, ito pa. Naroon sa Balintawak, hawak-hawak ay itak!
Siyempre si Ka Andres Bonifacio.
Ako naman! Sino ang Apo kong may kapansanan, sandata'y katalinuhan?
4

ARALIN 1

# Sinu-sino ang mga Bayani ng Nakaraan?



## Basahin Mo

Silang magigiting

Dapat alalahanin,

Buhay na ibinuwis

Dakilang mithiin.

Kalayaan ng baya'y mapapasa atin!

Kilala mo ba ang mga magigiting na bayani ng ating bayan?

3. Ang araw ng pagdiriwang ng araw ng mga puso

   a. Pebrero 14
   b. Marso 14
   c. Hunyo 12
   d. Agosto 19

4. Araw ng pagsilang ni Dr. Jose Rizal

   a. Enero 26, 1872
   b. Hunyo 12, 1898
   c. Hunyo 7, 1898
   d. Hunyo 19, 1861

5. Araw ng pagdiriwang ng Rebolusyon sa Edsa

   a. Pebrero 25
   b. Setyembre 21
   c. Agosto 26
   d. Enero 20

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Susi sa Pagwawasto* na nasa pahina 38.

5. Anong makapagpapaligaya sa iyo?

___ Kung ang pamilya ko'y dumayo sa Amerika
___ Kung ang bansa ko'y makalulutas ng problema sa ekonomiya
___ Kung ako'y makabibili ng magagarang damit

B. Isulat mo ang sagot sa susunod na puwang. Piliin ang sagot sa ibaba nito.

1. Araw ng Pasko sa ating bansa

   a. Ika-30 ng Disyembre 1896
   b. Disyembre 25
   c. Abril 9
   d. Pebrero 14

2. Ang Araw ng Kalayaan ay

   a. Enero 1
   b. Disyembre 8
   c. Pebrero 14
   d. Hunyo 12



## Alam Mo Ba?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan upang malaman mo kung ano na ang alam mo sa mga paksang tatalakayin dito.

A. Lagyan ng tsek (✔) ang iyong sagot.

1. Kung papipiliin ka, anong lahi ang gusto mong maging?

| | |
|---|---|
| ___ Filipino | ___ Intsik |
| ___ Amerikano | ___ Kastila |

2. Saan mo gustong makapagtrabaho?

| | |
|---|---|
| ___ Saudi Arabia | ___ U.S.A. |
| ___ Hongkong | ___ Pilipinas |

3. Anong musika ang gusto mong marinig?

| | |
|---|---|
| ___ modernong Ingles | ___ klasikal |
| ___ mga orihinal na musikang Pilipino | ___ metal |

4. Sino ang nais mong tularan?

| | |
|---|---|
| ___ Joseph Estrada | ___ Sharon Cuneta |
| ___ Andres Bonifacio | ___ Leonardo di Caprio |

modyul at pagsusuri ng sariling kakayahan at kaalaman, mauunawaan mo ang mga pang-araw-araw na suliranin at makapagbibigay ka ng makabuluhang pasiya. Magkakaroon ka rin ng bagong kakayahan at kaalaman na magagamit mong puhunan tungo sa pagkakaroon ng mabuting gawain, wastong gawing pangkalusugan, dagdag na kita, sigla sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan at mabuting uri ng buhay para sa pamilya.

May pagsubok na ibibigay sa iyo. Sa pamamagitan nito, masusukat ang iyong kasanayan at kaalaman matapos mong pag-aralan ang mga modyul. Sakaling magtagumpay ka sa pagsubok, bibigyan ka ng katibayang pang-elementarya o pansekondarya. Makatutulong ito upang magkaroon ka ng magandang hanapbuhay at ng magandang pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral.

Sana'y makawilihan mo ang pag-aaral sa mga modyul na ito. Ang mga kasanayan at kaalaman dito ay makatutulong din sa iyo upang magkaroon ka ng disiplinang pansarili, makilala at maisagawa nang maayos ang iyong pananagutan upang matagumpay na makipamuhay sa isang lipunang patuloy na nagbabago. Sana'y maging isang Pilipino ka na marunong makibagay at gumanap ng tungkulin tungo sa pagsulong at pag-unlad ng pandaigdig na lipunan.

Makatulong sana sa iyo ang pagsisikap naming mapabuti ang uri ng iyong pamumuhay sa kinabukasan.

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
*Kalihim*

**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

***Sama-Sama***
***sa DECS***

*Mahal kong Mag-aaral,*

Inihahandog namin ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency* (NFE A & E) *Learning Program*. Ito ay isang alternatibong paraan upang higit na mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali mo sa programang ito, matatamo mo ang isang katibayan sa antas ng elementarya at sekondarya.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, sisikapin namin na maihandog sa iyo ang isang uri ng pag-aaral na hahawi sa mga balakid na naging dahilan upang ikaw ay mahinto sa pag-aaral. Magagampanan mo nang maluwag ang mga gawain sa pagkatuto, dahil sarili mo ang oras ng pag-aaral at abot-kamay mo na ang mga bagay na makatutulong sa iyo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul sa antas ng elementarya at sekondarya, malilinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa limang lawak ng pag-aaral. Makatutulong ito upang magampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang Pilipino sa isang makabagong lipunan. Inaasahan na sa masusi mong pag-aaral ng mga

E-Mail Address:
OSEC@SKYNET.NET

**"Together Let Us Build This Nation Through Education"**

Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805


## Basahin at Pakinggan Mo


# Ang Batang Si Jose Rizal


Ang batang si Jose Rizal ay di tulad ng karamihan. Sa murang edad, nagpamalas na siya ng isang matalinong pag-iisip at mapanuring pagtingin sa mga bagay-bagay sa kanyang paligid. Pakinggan ang sumusunod na tagpo sa buhay ni Jose Rizal na nagpapakita ng kanyang mga pambihirang katangian bilang isang bata.






Kailan ko po kaya maisusulat ang buo kong pangalan, Nanay?
Kapag nag-aaral ka na, Pepe.
3
Hindi ko po ba maaaring pag-aralang isulat ang pangalan ko kahit hindi pa ako pumapasok sa paaralan?
4
Bakit hindi? Maaari kitang turuan, kung sadyang nais mo.
Naku, opo, Nanay! Pakiusap po! Turuan n'yo po ako!
5



Ba... Be... Bi... Bo... Bu! Ka... Ke... Ki... Ko... Ku! Da....
Ano ang ginagawa ninyong mag-ina rito sa silid, Teodora?
Itinuturo ko sa kanya ang katon, Francisco... upang sa gayon ay matututo siyang magbasa at sumulat.
6
Subalit napakabata pa ni Pepe para mag-aral ng katon! Tatatlong taong gulang lamang siya!
Totoo, subalit ang anak natin mismo ang masidhi ang hangaring matutunan ang alpabeto. Siya ang mapilit na turuan ko upang magbasa at sumulat! Hindi niya ako pinatahimik hanggang hindi ako sumasang-ayon. At alam mo bang kagulat-gulat ang bilis niya na matuto?
7
Malalim na ang gabi, Pepe. Dapat ay matulog ka na.
Saglit na lamang po, Nanay.
Ano ba ang pinagkakaabalahan mong pagmasdan dito?
8
Ito pong gamu-gamo na aali-aligid sa ilawan, Nanay.Tingnan nyo po. Kanina pa siya lipad nang lipad sa paligid ng ilawan na wari'y di niya magawang layuan ang liwanag!
9



Mayroon akong kuwento tungkol sa gamu-gamong katulad niyan. Ibig mo bang ikuwento ko 'yon sa iyo, Pepe?
Opo, Nanay! Ibig ko pong marinig ang kuwento tungkol sa gamu-gamo.
10
May isang batang gamu-gamo na sadyang mahilig maglaro. Kalimitan ay kung saan-saan siya nakakarating at kung anu-ano ang kanyang ginagawa dahilan sa paghahanap niya ng mapaglilibangan. Malimit siyang paalalahanan ng kanyang ina...
11
Hindi ka dapat naglalalayo, anak ko . . . dahilan sa hindi mo pa gaanong tanto ang mga bagay-bagay sa iyong paligid. Kapag ikaw ay lumayo at kinailangan mo ang tulong ay maaaring hindi kita madaluhan kaagad kung nasa malayong pook ka . . .
Huwag po ninyo akong alalahanin, Ina. Kaya ko pong pangalagaan ang aking sarili!
12
Mayabang ang batang gamu-gamo. Gayong mura pa ang gulang ay naniwala nang alam na niya ang halos lahat ng bagay. Minsan, nakita ng ina ang pagkaakit ng batang gamu-gamo sa isang ilawan. . .
13



14
Pagkaganda-gandang liwanag! Kakulay ng ginto . . . at nagdudulot pa ng init sa gitna ng lamig ng gabi!
Maganda ngang tingnan ang liwanag ng ilawan . . . subalit ito ay hindi laruan. Kapag ikaw ay hindi nag-ingat, at lumapit ka nang malapit na malapit sa apoy, hindi ka lamang madadarang kundi matutupok pa ng apoy ang buo mong katawan!
15
Huwag mangamba, aking ina. . . sa akin ay magtiwala ka. . . hindi ako magiging biktima ng apoy na nakikita.
16
Hindi binigyang-halaga ng batang gamu-gamo ang paalala ng ina. . . Lumipad siya nang paikut-ikot sa ilawan. . .
17
Palapit nang palapit . . . hanggang sa damang-dama na niya ang init! Halos malango sa katuwaan ang gamu-gamong naglalaro! Hanggang sa abutin ng apoy ang kanyang pakpak! Napatili ang gamugamo.
18
Ina! Ina! Iligtas mo po ako!



19
Subali't huli na ang lahat . . .
20
. . . Tuluyan nang nilamon ng apoy sa ilawan ang batang gamu-gamo!
Kawawang gamu-gamo!
21
Alam mo ba kung ano ang aral mula sa kasaysayang 'yon ng batang gamu-gamo?
Opo, Nanay.
Ano ang aral, Pepe?
22
Huwag maging mayabang, dapat ay nakikinig sa payo ng nakatatanda, lalo na ng mga magulang!
Tama. Dahilan sa ang taong hindi marunong makinig sa pangaral ay maaaring mapahamak bunga ng katigasan ng ulo!


23
Nasaan na si Pepe?
Namataan ko siya sa likod bahay. Nakikipaglaro sa mga anak ng ating kasama!
24
Bakit nga ba malimit ay mga anak ng ating kasama ang pinipili niyang makalaro, Kuya?
Dahilan sa, ayon na rin sa kanya, hindi dapat sukatin ang pagkatao sa pamamagitan ng kayamanan. Ang sabi ni Pepe, nilikha ng Diyos ang tao na may pantay-pantay na karapatan sa Kanyang paningin!
25
Si Pepe talaga, kung anu-ano ang pumapasok sa kanyang isipan! Kapag ibang tao ang nakarinig sa mga ideya niyang iyan ay hindi iyan maiibigan! Baka sabihing bata pa ay subersibo na ang kapatid nating 'yan.!
26
Maghintay ka pa ng ilang taon at makikita mo kung hanggang saan maaaring umabot ang mga makabago at kagulat-gulat na mga ideyang 'yan ni Pepe!


Ito ang kauna-unahan kong pagtawid sa Ilog Pasig!
Kumapit ka sa kamay ko at baka mahulog ka pa sa tubig . . .
27
Mauna na po kayo, Nanay. At susunod po kami sa inyo ni Pepe!
28
Gumagalaw ang bangka!
Huwag kang mag-alala. Hindi kita bibitiwan. Huwag ka lamang maglilikot!
29
Ay!
30
Ano ang nangyari?!
31


32
Nahulog po ang isang paa ng tsinelas ni Pepe, pagsampa n'ya rito sa bangka, Nanay.
33
Hindi na bale . . . ibibili kita ng bagong pares ng tsinelas pagdaong natin sa kabilang pampang. May alam akong tindahan sa ibayo na mabibilhan ng tsinelas mo.
34
Ano 'yon?!
SPLASH
35
Tsinelas po ni Pepe, Nanay . . . Inihagis ni Pepe sa ilog ang natitira pang tsinelas sa isang paa n'ya.
36
Naisip ko po kasi, Nanay . . . makabubuting isang pares na ng tsinelas ko ang tangayin ng agos ng tubig. Kapag may nakapulot po kasi ng tsinelas ko at 'yon ay iisang paa lamang ay hindi n'ya 'yon magagamit.
37
Mawawalan po ng silbi ang aking tsinelas. Subali't kung isang pares ang makukuha ng sinumang makakakita noon, maaari pa po 'yong gamitin, hindi po ba, Nanay?
May katuwiran ka, Pepe!


Siyam na taong gulang ka na, Pepe. . . at naituro ko na sa iyo ang lahat ng nalalaman ko. Nagkasundo kami ng iyong ama na ipadala ka sa Binyang upang doon mag-aral sa ilalim ng pamamahala ni Justiniano Aquino Cruz.
38
Siya po ba ang magiging guro ko, Nanay?!
39
Oo, Pepe. Sa ilalim ng pamamahala n'ya sa iyong pag-aaral ay naniniwala akong lalong lalawak ang iyong kaalaman dahil si Ginoong Cruz ay isang matalinong guro!
40
Makalipas ang ilang panahon . . .
Naituro ko na sa iyo ang lahat ng nararapat mong matutunan mula sa akin, Pepe. Sa palagay ko ay napapanahon na upang maghiwalay tayo, bagama't totoong napakaikling panahon lamang ang pag-aaral mo sa ilalim ng pagtuturo ko.
41


42
Kung titigil na po kayo sa pagtuturo sa akin ay sino pa po kaya ang maaari kong maging guro, Ginoong Cruz?
43
Ipapayo ko sa mga magulang mo na dalhin ka sa Maynila.
Doon po ako mag-aaral?
44
Oo, Pepe. Sa Ateneo Municipal de Manila. Naniniwala akong handa ka nang mag-aral ng pormal. Sa Ateneo de Manila ay magkakaroon ka ng pagkakataong dagdagan pa ang yaman ng isipan mo! Pambihira ang iyong talino at sipag sa pag-aaral! Tiyak kong malayo pa ang iyong mararating! Balang araw, hahangaan ka at gagawing huwaran ng tulad mong mga kabataan!

## Gawin Mo


Isaayos ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa buhay ng pambansang bayani. Lagyan ng bilang sa patlang mula isa hanggang lima ayon sa pagkakasunud-sunod nito.

1. _____ Binaril siya sa Bagumbayan noong Disyembre 30, 1896.
2. _____ Natututo siyang magbasa ng alpabeto noong tatlong taong gulang pa lamang siya.
3. _____ Nakakuha siya ng pinakamataas na marka sa Ateneo nang pumasok siya noong Enero 20, 1872.
4. _____ Isinilang siya sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861.
5. _____ Isinulat niya ang aklat na Noli Me Tangere noong 1886.

## Tandaan

Sipag, tiyaga, tibay ng loob at katapangan ang masisinag sa katauhan nina Dr. Jose Rizal at Andres Bonifacio. Mga katangian ng isang tunay na makabayang Pilipino. Bagamat galing sa mayamang angkan si Rizal at si Bonifacio ay sa mahirap na angkan, iisa ang kanilang naging adhikain—ang mabigyang laya sa kamay ng mga dayuhan ang bansang Pilipinas.

## Pag-aralan at Suriin




**Ka Andres Bonifacio**

**Supremo ng Katipunan**

### Sa aking mga Kapatid...

Ngayong wala na sina Inay at Itay, alam ko lalo na kayong mahihirapan sa ating kalagayan. Pero, ito'y pangako—kakayanin kong itaguyod ang pamilyang ito. Ako ang panganay, ang inyong kuya. Maaasahan ninyo ako.

Papasok ako sa anumang trabaho. Walang maliit o mahirap na gawain para sa akin. Ang mahalaga ay matugunan ang ating pang-araw-araw na pangangailangan.

Sana'y tulungan n'yo rin ako. Sama-sama tayong magsikap na makaahon sa ating kinalalagyan ngayon.

Huwag tayong mahiyang magbanat ng buto. Lahat ng tao'y kailangang magtrabaho upang mabuhay. Gumawa tayo ng mga baston na yantok at pamaypay na papel, at ipagbili natin. Siguradong marami ang magkakagusto rito, lalo na kung maganda ang pagkakagawa. Doon tayo pumuwesto sa labas ng malaking simbahan.

Mabigat sa kalooban ko ang tumigil sa pag-aaral dahil sa kahirapan. Sana'y hindi ito mangyari sa inyo. Labanan n'yo ang ganoong kapalaran. Huwag tumigil sa paghahanap ng kaalaman. Magbasa kayo! Tunay na kaawa-awa ang nilalang na kapos sa kaalaman. Wala siyang maihahandog sa Inang Bayan!

Magkaroon sana tayong lahat ng lakas upang magtagumpay laban sa mga hindi magandang nangyayari sa ating buhay; at lakas para makapaglingkod sa ating bayan, pagdating ng panahon.

Mga kapatid, buksan natin ang ating mga mata at pag-iisip. Manalig tayo na malapit na nating makamit ang ating tagumpay!

*Ang inyong Kuya Andres*



## Pag-usapan Natin

1. Anu-anong katangian ang taglay ni Andres Bonifacio sa pagsulat niya nito sa kanyang mga nakababatang kapatid?
2. Anu-anong katangian ang nakatulong sa kanya upang makaahon sa kahirapan?
3. Paano sila nagkaiba ni Dr. Jose Rizal?
4. Paano naman sila nagkapareho?

Tingnang mabuti ang sumusunod na liham.

Pag-aralang mabuti ang mga bahagi nito.

18-B Villa Grande
Las Piñas, Metro Manila
Agosto 1, 1998 — **Pamuhatan**

**Bating panimula** — Mahal kong Pina,

**Katawan ng liham** —

Kumusta ka na? Miss na miss ko na ang bayan natin! Masaya rin dito sa Maynila dahil kasama ko sina Inay at Itay. Pero gusto ko pa rin diyan sa Iloilo. Masarap ang batsoy. Wala niyan dito kasi, eh. Baka makapunta ka rito, dalhan mo ako ng "pinasugbo" at "baye-baye." Huwag mo akong kalimutan.

Ang nagmamahal, — **Bating pangwakas**


Fely — **Lagda**

DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY



## Pag-aralan at Suriin

Tingnang mabuti ang sobre. Pag-aralan ang pagsulat ng pangalan at tirahan dito.







## Gawin Mo


Pumili ng pangalan at tirahan sa hanay. Isulat ito sa dapat kalagyan sa likod ng sobre.

| Ang sumulat | Ang susulatan |
|---|---|
| 1) Tomasa M. Ferando<br>110 Balantang, Jaro<br>Iloilo City | • Rey B. Montes<br>21 Bangkal St.<br>Davao City |
| 2) Glenn Lean<br>Real Street<br>Batangas City | • Rose Celiz<br>18 B Villa Grande<br>Las Pinas, Metro Manila |
| 3) Ramon C. Cabag<br>San Miguel<br>Iloilo | • Carol Cabag<br>WVSU<br>La Paz, Iloilo City |



## Alamin Natin




Graciano Lopez Jaena
Dakilang Propagandista



Melchora Aquino
Ina ng Katipunan




Emilio Jacinto
Utak ng Katipunan



Marcela Agoncillo
Gumawa ng Unang Pambansang Bandila

## Basahin Mo

Karapat-dapat pag-alayan ng buhay ang mga Pilipino.



Para sa makabagong Pilipino, ginising ng kamatayan ni Benigno "Ninoy" Aquino sa tarmak ng *Manila International Airport* ang kanilang natutulog na damdamin laban sa diktadurang pamahalaan.

Laban, mga kawal! Para sa kalayaan at dangal ng bayan!.



Sa Pasong Tirad naman nagpamalas ng kagitingan ang batam-batang heneral na si Gregorio H. del Pilar.

"Buwis para sa Hari ng Espanya!" Hindi maaari! Ang aking mga ninuno ay dito na nanirahan bago pa man kayo dumating. Walang sinumang dayuhan ang sa amin ay makapagpapaalis!



Sa Mactan unang ipinakita ni Punong Lapu-lapu ang kagitingan ng mga Pilipino laban sa mapang-aping dayuhang Kastila.

## Subukin ang Sarili

Sagutin ito.

1. Bakit itinuturing na bayani ang isang tao?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Paano mo maipapakita ang kagalingan at kagitingan?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Itala kung sino ang pinakadakilang bayani para sa iyo. Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## Umawit Tayo



### Pilipinas Kong Mahal

Ang bayan ko'y tanging ikaw
Pilipinas kong mahal
Ang puso ko at buhay man
Sa iyo'y ibibigay.

Tungkulin kong gagampanan
Na lagi kang paglingkuran
Ang laya mo'y babantayan
Pilipinas kong hirang.

*Ni Francisco Santiago*



## Tandaan

Sa pagsulat ng petsa, unang isinusulat ang pangalan ng buwan na nagsisimula sa malaking titik. Pangalawa ang bilang ng araw. Pangatlo ang bilang ng taon. Nilalagyan ng kuwit sa pagitan ng araw at taon.


A. Isulat mo ang petsa ng sumusunod:

1. Araw ng pagsilang ni Rizal ______________________________

2. Araw ng Kalayaan ______________________________

3. Araw ng Pagkakaisa sa EDSA ______________________________

# Pag-aralan at Suriin Mo








## Gawin Mo

Panuto: Pagtambalin ang katawagang mahabang anyo at ang dinaglat na anyo.

| Mahabang Anyo | Dinaglat na Anyo |
|---|---|
| Ginoong | Pang. |
| Ginang | G. |
| Binibining | Dr. |
| Heneral | Prop. |
| Doktor | Gng. |
| Propesor | Hen. |
| Pangulo | Bb. |



## Tandaan

Ang katawagan, nasa mahaba man o dinaglat na anyo, ay nagsisimula sa malaking titik kapag isinulat. Kung dinaglat ito, huwag kalimutang maglagay ng tuldok sa dulo.

## ARALIN 2

# Sinu-Sino ang mga Bayani ng Kasalukuyan?

Ang mga bagong bayani ay yaong naglilingkod sa bayan; hindi kailangang mamatay pa upang dakilain at igalang!




Sino ang mga bagong bayani?

## Basahin Mo

Sa kalsada sa harapan ng liwasang bayan...

| | | |
|---|---|---|
| Josue | : | Ay, buti nga sumama ako sa inyo, Lolo Dioning. Kay-ganda pala ng paradang ito! |
| Lolo Dioning | : | Talagang maganda dahil ito'y parangal sa Araw ng mga Bayani. Tuwing Nobyembre 30 ito. |
| Josue | : | Lolo, sa ano po bang paraan natin magugunita o mapaparangalan ang mga bayani? |
| Lolo Dioning | : | Puwede tayong magdaos ng simpleng palatuntunan o kaya'y maghandog ng misa para sa araw ng kanilang pagsilang o kamatayan. |



## Tandaan

HUWAG KALIMUTAN ANG ATING KALAYAANG KAYTAGAL NA IPINAGLABAN!



Di na ‘ko papayag mawala pang muli,

Di na ‘ko papayag na muling mabawi

Ating kalayaang kay tagal na nating mithi


Di na papayagang mabawi muli!




## Subukin ang Sarili


Paano ka magiging bayani ngayon? Alin dito ang magagawa mo? May maidaragdag ka pa ba?









## Bigkasin Natin

Tumayo kayo. Itaas ang inyong kanang kamay at sabay-sabay na bigkasin ang Panatang Makabayan.

### Panatang Makabayan



*Iniibig ko ang Pilipinas,*
*Ito ang aking lupang sinilangan;*
*Ito ang tahanan ng aking lahi.*
*Ako'y kanyang kinukupkop at tinutulungan*
*upang maging malakas, maligaya at kapaki-pakinabang.*
*Bilang ganti, diringgin ko ang payo ng aking mga magulang.*
*Susundin ko ang mga tuntunin ng aking paaralan.*
*Tutuparin ko ang mga tungkulin ng isang mamamayang*
*makabayan at masunurin sa batas.*
*Paglilingkuran ko ang aking bayan nang walang pag-iimbot*
*at nang buong katapatan.*
*Sisikapin kong maging isang tunay na Pilipino*
*Sa isip, sa salita at sa gawa.*





## Alam Mo Na Ba?

Gaano mo kamahal ang Pilipinas? Ngayong natutukoy mo na kung sinu-sino ang mga bayaning dapat tularan, masasagot mo rin ba ang tanong kung paano tutularan ang kanilang pagiging makabayan?

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kapag bibili ka ng isang kagamitan, mas gusto mo ang produktong...

    a. yari sa Pilipinas

    b. gawa sa Pilipinas pero yari sa materyales na galing sa ibang bansa

    c. yari sa ibang bansa

2. Kung bibigyan ka ngayon ng pagkakataong makapaglakbay sa maraming lugar, saan-saan ka pupunta?

    a. sa Amerika at Europa

    b. sa iba't ibang lugar sa Pilipinas

    c. sa buong Asya

3. Saan mo pipiliing magtrabaho?

   a. sa Amerika at Europa

   b. sa iba't ibang lugar sa Pilipinas

   c. sa ibang bansa pero babalik ka rin sa Pilipinas upang ibahagi sa kapwa Pilipino ang mabuting natutuhan mo sa ibang bansa.

4. Kaninong buhay ang pinakagusto mong alamin?

   a. kay Superman

   b. kay Hen. McArthur

   c. kay Andres Bonifacio

5. Ano ang paborito mong meryenda?

   a. turon, sago at gulaman

   b. pizza pie at spaghetti

   c. siopao at mami

# Susi sa Pagwawasto

## A. Alam Mo Ba? *(pahina 1)*

A. Ang kasagutan sa mga tanong ay batay o depende sa pansariling opinyon ng mag-aaral.

B.
1. Disyembre 25
2. Hunyo 12
3. Pebrero 14
4. Hunyo 19, 1861
5. Pebrero 25

## B. Aralin 1

*Gawin Mo (pahina 18)*

| | |
|---|---|
| 1. 5 | 4. 1 |
| 2. 2 | 5. 3 |
| 3. 4 | |

*Gawin Mo (pahina 23)*

Tomasa M. Ferando
110 Balantong, Jaro
Iloilo City

Rey B. Montes
21 Bangkal St.
Davao City

Glenn
Real Street
Batangas City

Rose Celiz
18 B. Villa Grande
Las Pinas, Metro Manila

Ramon C. Cabag
San Miguel
Iloilo

Carol Cabag
WVSU
La Paz, Iloilo City

*Subukin ang Sarili (pahina 26)*

1 Itinuturing na bayani ang isang tao na may pagmamahal sa bansa at sa kapwa.

2. Ang kagalingan at kagitingan ay maipapakita sa pamamagitan ng pagtatanggol sa bansa sa panahon ng giyera, o pagsasakripisyo ng buhay para sa bayan.

3. Ang sagot at paliwanag sa katanungan ay batay o ayon sa opinyon ng mag-aaral.

*Tandaan (pahina 28)*

1. Hunyo 19, 1861

2. Hunyo 12, 1898

3. Pebrero 25, 1986

*Gawin Mo (pahina 30)*

| | | |
|---|---|---|
| Ginoo | – | G. |
| Ginang | – | Gng. |
| Binibini | – | Bb. |
| Heneral | – | Hen. |
| Doktor | – | Dr. |
| Propesor | – | Prop. |
| Pangulo | – | Pang. |

## C. **Alam Mo Na Ba?** *(pahina 36)*

Ang sagot ay batay o ayon sa opinyon ng mag-aaral.